## Bukas na Pagpapatala sa Medicare

### Mga Sentro para sa mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid

*Ang programang "Karagdagang Tulong" ng Medicare ay tumutulong sa mga taong may limitadong kita na mabayaran ang mga gamot na inireseta sa kanila*

Ang makaraos ay hindi dapat mangahulugan ng pagtitiis na wala ang inyong mga gamot. Kung limitado ang inyong kita at mga kakayahan, ang programang "Karagdagang Tulong" ay naghanda upang sa taong ito ay mabayaran ninyo ang hindi hihigit sa $2.60 para sa bawat generic na gamot at $6.50 para sa bawat brand name na gamot. Ang mga Sentro para sa mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid ay tumataya na higit sa 2 milyong taong may Medicare ang maaaring maging karapat-dapat para sa tulong, pero hindi nakatala sa kasalukuyan upang mapakinabangan ang mga matitipid na ito. Binago ng isang bagong batas ang paraan kung paano ibinibilang ang inyong kita at mga yaman:

- Ang mga polisa sa seguro para sa buhay ay hindi ibinibilang bilang mga kakayahan
- Anumang tulong na nakukuha mo mula sa mga kamag-anak, kaibigan at iba pa upang bayaran ang mga gastos sa sambahayan—tulad ng pagkain, hulog sa utang sa pagbili ng bahay, renta, gatos sa pagpapainit o gas, kuryente, tubig, at mga buwis sa ari-arian—ay hindi ibinibilang na kita

**Maraming Taong Kuwalipikado at Hindi Alam Ito**

Ang mga pagbabagong nangyari noong 2010 ay nagpapahintulot sa mas maraming tao na maging kuwalipikado para sa "Karagdagang Tulong." Kahit na ikaw ay dating hindi tinanggap para sa "Karagdagang Tulong" dahil sa antas ng kita at kakayahan, dapat kang muling mag-aplay. Kung maging kuwalipikado ka, tatanggap ka ng tulong para sa pagbabayad sa mga hulog para sa pagsakop ng Medicare sa iniresetang gamot, kabahagi sa binabayaran, at mga ibinabawas. Upang maging kuwalipikado, dapat ay kumikita ka ka ng mas mababa kaysa $17, 235 sa isang taon (o $23,265 para sa mag-asawa). Kahit na ang iyong taunang kita ay mas mataas, maaari ka pa ring makakuha ng karagdagang tulong. Ang iyong mga kakayahan ay dapat ding maging limitado sa $13,300 (o $26,580 para sa mag-asawa). Sa mga kakayahan ay kabilang ang mga kuwenta sa bangko, mga sapi, at mga bono, pero hindi ang iyong bahay o sasakyan.

**Walang Gastos o Obligasyon sa Pag-aaplay**

Madali at libre ang pag-aaplay para sa "Karagdagang Tulong." Ikaw o isang miyembro ng pamilya, pinagkakatiwalaang tagapayo, o tagabigay ng pangangalaga ay maaaring mag-aplay online sa http://www.socialsecurity.gov/prescriptionhelp o tumawag sa Social Security sa 1-800-772-1213 (ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-800-325-0778). Lahat ng impormasyong ibinibigay mo ay kompidensiyal. Ang mga benepisyaryo ng Medicare ay makakatangap din ng tulong sa kanilang mga lokal na komunidad mula sa kanilang State Health Insurance Assistance Program (SHIP), Area Agencies on Aging (AAA), Aging and Disability Resource Centers (ADRC) at maraming organisasyong pantribo. Para sa impormasyon tungkol sa pakipag-ugnayan sa mga organisasyong ito pumunta sa www.eldercare.gov.

Upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa pagsakop ng Medicare sa iniresetang gamot, bisitahin ang www.medicare.gov, o tumawag sa 1-800- MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048.

*Ang impormasyong ito ay inihanda ng Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S.*